# DOTA KOBAN



発　行
可児警察署
土田交番
0574-26-0591
可児警察署　検索

## Huwag Magtago ng Pera sa Loob ng Bahay!

**Maaring manakaw ang inyong pera!**






Malaki ang posibilidad na maging biktima ng mga budol-budol. Hindi man sinasadya, dahil sa pagkataranta ay madali itong maibigay sa mga manloloko.

Maaring makapasok at tangayin ng mga magnanakaw ang inyong pera. Kahit na ito ay naka tago sa vault, maaring kunin ng mga magnanakaw ang buong vault

**Upang hindi maging biktima**




- O Huwag magtago ng pera sa bahay, ideposit sa bangko
- O Gumamit ng voicemail service upang maiwasan ang direktang pagsagot ng tawag mula sa hindi kilalang tao
- O Gumamit ng teleponong may security features

## May Helmet Ka na ba?

Simula noong October 1, 2022 ay ipinatupad na ang pakiusap na pagsusuot ng helmet sa tuwing gagamit ng bisekleta. Kasabay nito, ipinatupad na rin ang batas kung saan ang lahat ng gumagamit ng bisekleta ay kinakailangan na rin kumuha ng insurance para sa bisekleta.

- Marami na ang namatay dahil sa aksidente sa pagbibisekleta. Karamihan dito ay dahil sa pinsala sa ulo. Upang maiwasan ang pagdami ng pagkamatay, ugaliing gumamit ng helmet.
- May mga pagkakaton din na ang nagbibisekleta ang nagiging sanhi ng aksidente. At kadalasan, nagiging isa itong malaking problema dahil sa gastusin. Upang maiwasan ito at upang maprotektahan ang inyong sarili, kumuha ng insurance upang ma proteltahan ang inyong sarili.



## Upang Maiwasan ang Aksidente sa Gabi

### ★ Para sa mga Nagmamaneho

Marami sa aksidente sa kalsada ay nagaganap tuwing takip-silim hanggang gabi. Upang ipaalam sa mga kapwa motorista at pedestrian ang inyong presensya, buksan ng maaga ang headlight ng sasakyan.

Kung walang kasalubong na sasakyan, gamitin ang high beam light upang makaiwas sa aksidente. Tayo ay magtulungan upang maging ligtas ang pagmamaneho tuwing gabi.

### ★Para sa mga Pedestrian at Gumagamit ng Bisekleta

Para sa mga gumamagamit ng bisekleta, Siguraduhin naka ON ang ilaw ng inyong bisekleta habang nasa loob ng tunnel at iba pang madidilim na lugar. Kinakailangan din na magsuot ng reflector at iba pang katulad na mga bagay. Ganun din sa mga pedestrian, upang ipaalam ang presensya sa mga motorista, gumamit ng reflector at iba pang kaparehas na bagay upang ipa inyong presensya.

